

Dapat ring huminto ang iyong telco sa pangongolekta ng kabuuang halagang inutang kung ikaw ay may kaayusang binagong kabayaran, basta't patuloy ka sa pagbabayad.

Kung hindi kayo magkaroon ng kasunduan ng iyong provider, maaari mong kontakin ang TIO para sa tulong: [tio.com.au](http://tio.com.au) o tumawag sa 1800 062 058.

### Ilang mga Serbisyonang Makakatulong Kung May Kagipitan sa Pera

- Tawagan ang National Debt Helpline sa 1800 007 007 o bisitahin ang [ndh.org.au](http://ndh.org.au)
- Hanapin ang pinakamalapit na serbisyonang pagpapayo sa pera sa inyong lugar sa [moneysmart.gov.au](http://moneysmart.gov.au)



**Ang iyong tinig sa mga serbisyo sa telepono at internet.**

#### Kontakin Kami

**Website:** [accan.org.au](http://accan.org.au)

**Twitter:** @ACCAN\_AU

**Facebook:** [facebook.com/accanau](https://facebook.com/accanau)

**E-mail:** [info@accan.org.au](mailto:info@accan.org.au)


**Telepono:** 02 9288 4000

Para sa karagdagang impormasyon at mga mungkahi, pumunta sa: [accan.org.au/tips](http://accan.org.au/tips)



**Ang Aking mga Karapatan sa Telco**

## Hindi Ko Kayang Bayaran Ang Aking Bill



Minsan hindi kayang bayaran ng mga tao ang kanilang mga bill dahil sa pagkakasakit, kawalan ng trabaho, mga karanasan ng karahasan sa tahanan at pamilya, o iba pang mga pagbabago sa kalagayan.

Mahalagang huwag bale-walain ang iyong bill, dahil may tulong na makukuha.

### **Paano Makakakuha ng Tulong**

Hanapin ang polisa sa kagipitan sa pera ng iyong telco sa kanilang website, na maglilista kung ano ang magagawa nila upang makatulong.

Kontakin ang iyong telco at ipaliwanag sa kanila kung bakit hindi mo kayang magbayad ng iyong bill. Maaari kang humiling sa iyong telco ng bagong mga kaayusan sa pagbabayad at iba pang mga pagpipilian. Tutulong ito upang maiwasan pa ang mga problema tulad ng naputulan ng iyong serbisyo, o nakakuha ng masamang credit rating.



### **Ang Dapat Gawin Ng Iyong Telco**

Kakausapin ka ng iyong telco tungkol sa iyong bagong kabayaran at iba pang mga kaayusan na maaaring makatulong.

Maaari ka nilang hilingan ng higit pang impormasyon upang suportahan ang iyong kahilingan para sa mga kaayusan ng bagong kabayaran, ngunit hindi nila dapat gawing napakahirap para sa iyo ang paghingi ng impormasyon na mahirap mong makuha.

Oras na matanggap nila ang kailangang impormasyon, kailangang gumawa ang iyong telco ng pagtatasa sa loob ng limang araw ng trabaho (isang linggo). Hindi ka nila dapat singilin para sa pagtatasang ito.

Ang iyong telco ay kailangang magbigay ng kahit man lang tatlong pagpipilian upang manatili kang konektado sa iyong serbisyo, at kahit man lang tatlong pagpipilian upang tulungan kang mapamahalaan ang iyong mga kabayaran.

Maaaring kabilang dito ang:

- Pagkakasundo sa alternatibong kaayusan, plano, o kontrata, kabilang ang paglipat sa mga prepaid mobile services.
- Paglimita kung paano mo gagamitin ang iyong serbisyo ng telepono o internet.
- Paglimita ng halaga ng pera na maaari mong gastusin sa iyong serbisyo ng telepono o internet.
- Pagbawas ng mga kabayaran sa napagkasunduang panahon.
- Pagdidiskuwentu o waiving (pagpapaubaya) ng utang o mga babayaran.

